

“Why, you look so handsome...”

Naulinigan ni Lance ang tinig na iyon. Pero masyadong mabigat ang mga talukap niya para intindihin iyon.

“Yes, that’s true. Ang guwapo-guwapo-guwapo mo. And your body... oh my God! Perfect. You’re perfect!”

Boses iyon ng babae, sigurado siya.

“Sigurado akong maraming babae ang nahuhumaling sa ’yo. And that includes me now. Because yes, madali akong ma-attract sa mga katulad mo. It’s like you’re melting my resistance. I want to touch you but you look so delicate like that, still sleeping.”

Pinigil niya ang mapangiti. Clearly, the lady was staring at him. Ayaw naman niyang mapahiya ito, kaya nanatili siyang nakapikit. Maganda ang boses nito, malambing kaya naaliw siya.

“Sige lang, stay where you are. You don’t need to rush waking up. I’ll leave you alone now. Bye-bye.”

Narinig ni Lance ang mga yabag nito palayo. Nang tingin niya ay malayo na ang babae ay nagmulat siya ng mga mata at awtomatikong napangiti siya. She really had a sweet voice. Tila nawala bigla ang pagod niya, lalo na sa mga sinabi nito.

Tumingin siya sa relo niya; tanghali na. Halos dalawang oras pala siyang tulog. Simula pa kaninang alas seis ay nagtrabaho na si Lance dahil tinapos niya ang pagtatanim ng mga bulaklak at pasado alas diez na nang matapos niya iyon at pagod na

pagod siya, kaya dumerecho na siya sa pag-idlip. Balak lang naman talaga niyang magpahinga, kaya humiga siya sa likod ng malalagong santan para hindi makita ng iba dahil baka sabihin naman ay tatamad-tamad siya.

Pero ang babaeng kumakausap sa kanya habang tulog ay nakita siya.

Tumayo si Lance at inayos ang mga gamit. Tila ipinagkit ang ngiti sa mga labi niya. It was a genuine smile. A genuine happiness too.

“Super good mood ka ’ata ngayon, Lance,” bati sa kanya ni Shiela, isang kasambahay sa mansyon. Nakasalubong niya ito habang papalabas na siya sa kusina.

“Medyo.” Kinuha niya ang hawak nitong malaking punch bowl. “Saan ba ito ilalagay?”

“Naku, salamat. Sa dining area.”

“Okay.”

Muling bumalik sa isip niya ang boses. Hindi si Shiela ang may-ari niyon pero sigurado siyang nandito lang ang misteryosang babaeng iyon. Sino kaya iyon?

Maraming nagsasabi sa kanya na guwapo siya at marami rin siyang tagahanga, ngunit wala naman siyang pakialam sa mga compliments na iyon dahil tanging mga compliments lang ni Kat ang nagsi-sink in sa kanya.

“Whoa!” Napasinghap siya ng may kung anong bumagsak sa kanyang harapan.

“Oops!” anang tinig sa itaas na nagpatingala sa kanya. Bahagya siyang napanganga nang makita ang isang babaeng nakatakip ang mga kamay sa bibig.

She was beautiful, to the highest extent of the meaning of the word.

“Sorry.” Nagkibit-balikat ito at itinuon ang mga braso sa pasimano sa itaas. “Can you get it for me?”

Awtomatikong dinampot niya ang bean bag na nasa lapag, ngunit nang akmang maglalakad na siya papunta sa hagdanan ay muli itong nagsalita.

“Wag ka nang umakyat, mapapagod ka pa. You can just throw it up.” Ngumiti ito at iminuwestra ang dalawang braso na handa nang sumalo.

Inihagis niya paitaas ang hawak at nasalo naman nito iyon.

“Thanks.”

Ilang sandali na itong wala sa paningin ni Lance, pero nakatingala pa rin ang binata. Kung hindi pa nga sa isang mahinang tapik sa likod niya ay hindi pa siya lilington.

“Pinapabigay ni Sir ito sa ’yo. Bonus daw dahil natapos mo ang trabaho on time, ’tapos ang ganda pa ng garden.” Iniabot

sa kanya ni Manang Linda ang isang sobre. “Kanina pa kasi kita hinahanap ay hindi kita makita. Buti at naabutan pa kita. Pauwika na ba?”

“Ah, opo.”

“Teka, magdala ka ng pagkain.” Hinatak siya ng kausap patungo sa kusina. Ipinagbalot siya nito ng pancit palabok at mga kakanin. “Okay na ba ’yan o dadagdagan ko pa? Kasya na ba ’yan sa inyo?”

“Naku, opo. Salamat po. Okay na po ito. Nakakahiya naman po, may takeout food pa ako.” Napakamot sa ulo si Lance.

“Sus, okay lang ’yan. Ang dami-dami naman nitong pagkain, hindi din naman mauubos. Baka masayang lang.”

“Salamat po ulit.” Gusto pa sanang mag-usisa ng binata sa mayordoma kung bakit madaming pagkain at kung sino ang babaeng nakita niya pero nahiya na siya. Marahil may dumating na bisita kaya sagana sa pagkain ngayon.

Napangiti siya habang naglalakad palabas ng subdivision. Buti na lang at galante si Don Leon, may bonus kaagad siya, may pagkain pa!

Naalala niya ang bisita. *Ah, maganda talaga siya.* At... sigurado siyang kaboses nito ang babaeng kumausap sa kanya habang tulog siya. Hindi siya maaaring magkamali!

Napangisi si Lance. Hindi niya akalaing matatamaan ng

karisma niya ang babaeng ganoon kaganda. Maganda na si Kat pero aminado siyang mas maganda ang misteryosang babae. Napailing siya. Hindi na dapat niya inaalala pa ang dating nobya. Okay lang naman siguro kung i-entertain niya ang pagkagusto sa magandang babaeng kumausap sa kanya kanina. Ang kaso lang, parang alangan siya rito dahil siya ay hardinero lang at ito ay halata namang may sinasabi sa buhay. Baka kamag-anak pa nga ni Don Leon ang babae.

Hanggang makarating sa ospital ay ang imahe pa rin ng estranghera ang tumatakbo sa utak niya.

She was beautiful. Really beautiful.